





**TAMANG SAGOT (TS)**  
**Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular**

<b>Circular No.</b>	2024-0017
<b>Title</b>	OUTPATIENT THERAPEUTIC CARE BENEFITS PACKAGE FOR SEVERE ACUTE MALNUTRITION FOR CHILDREN 60 MONTHS OLD AND BELOW


<b>Tanong</b>	<b>Sagot</b>
<p>1. Ano ang Outpatient Therapeutic Care (OTC) Benefits Package para sa Severe Acute Malnutrition (SAM) para sa mga bata na may edad na 60 na buwang gulang pababa?</p>	<p>Ito ay isang benepisyong para sa mga batang 60 buwang gulang pababa at nasuri na mayroong SAM.</p> <p>Sakop ng benepisyong ito ang mga sumusunod na serbisyong kinakailangan para sa gamutan ng SAM:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Assessment o pagsusuri batay sa Philippine Integrated Management for Acute Malnutrition (PIMAM)</li> <li>2. Counseling o pagpapayo               <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Infant at young child feeding (IYCF)</li> <li>b. Nutritional counseling o pagpapayo sa nutrisyon</li> <li>c. Water, Sanitation at Hygiene (WASH)</li> <li>d. Child development at nurturing care</li> </ol> </li> <li>3. Commodities (ready-to-use therapeutic food o RUTF)</li> <li>4. Mga gamot kung kinakailangan</li> <li>5. Paglipat mula sa OTC papuntang inpatient therapeutic care (ITC)</li> <li>6. Follow-up visit (pagbisita sa tahanan at surveillance)</li> </ol>
<p>2. Sino ang makagagamit ng OTC benefits package para sa SAM?</p>	<p>Lahat ng Pilipinong bata edad 60 buwang gulang pababa na nakapasa sa mga sumusunod na pamantayan o kundisyon para sa benepisyong SAM.</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. Para sa mga bagong silang na sanggol na hanggang bago mag-anim na buwang gulang:               <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Weight-for-height (WFH) o weight-for-length (WFL) o Z-scores cutoff na mas mababa sa -3 standard deviations (SDs); at</li> <li>b. Mayroong bilateral pitting edema; at</li> <li>c. Walang mga komplikasyong medikal</li> </ol> </li> <li>2. Para sa mga batang 6 hanggang 60 buwan               <ol style="list-style-type: none"> <li>a. WFH o WFL Z-scores na mas mababa sa -3 SDs o Mid-Upper Arm Circumference (MUAC) na &lt;115mm (11.5cm); at</li> <li>b. May bilateral pitting edema (grades 1, 2, o 3); at</li> </ol> </li> </ol>

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	<b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	2024-0017
	<b>Title</b>	OUTPATIENT THERAPEUTIC CARE BENEFITS PACKAGE FOR SEVERE ACUTE MALNUTRITION FOR CHILDREN 60 MONTHS OLD AND BELOW


	<ul style="list-style-type: none"> <li>c. Pumasa sa appetite test; at</li> <li>d. Walang mga komplikasyong medikal.</li> </ul>
<p>3. Magkano ang halaga ng mga benepisyo at ano ang mga serbisyong kasama ng mga ito?</p>	<p>Halaga ng benepisyo at mga kasamang serbisyo:</p> <ol style="list-style-type: none"> <li>1. P7,500.00 para sa mga bagong silang na sanggol hanggang bago mag-anim na buwang gulang para sa buong gamutan. <ul style="list-style-type: none"> <li>Mga serbisyo: <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Assessment o pagsusuri para sa SAM</li> <li>b. Counseling o pagpapayo <ol style="list-style-type: none"> <li>b.1. Infant at young child feeding (IYCF)</li> <li>b.2. Nutritional counseling o pagpapayo sa nutrisyon</li> <li>b.3. Water, Sanitation at Hygiene (WASH)</li> <li>b.4. Child development at nurturing care</li> </ol> </li> <li>c. Follow-up visit (Lingguhang pagbisita sa tahanan at surveillance)</li> <li>d. Iba pang serbisyo tulad ng mga sumusunod: <ol style="list-style-type: none"> <li>d.1. Paglipat mula sa OTC papuntang inpatient therapeutic care (ITC)</li> <li>d.2. Pagtingin ng medikal na komplikasyon, kalusugan ng nanay, kalusugang pangkaisipan at pangkalahatan.</li> </ol> </li> </ol> </li> </ul></li></ol> <li>2. P17,000.00 para sa mga batang 6 hanggang 60 buwang gulang para sa buong gamutan. <ul style="list-style-type: none"> <li>Mga serbisyo: <ol style="list-style-type: none"> <li>a. Assessment o pagsusuri para sa SAM</li> <li>b. Counseling o pagpapayo <ol style="list-style-type: none"> <li>b.1. Infant at young child feeding (IYCF)</li> <li>b.2. Nutritional counseling o pagpapayo sa nutrisyon</li> <li>b.3. Water, Sanitation at Hygiene (WASH)</li> <li>b.4. Child development at nurturing care</li> </ol> </li> <li>c. Commodities (Ready to Use Therapeutic Food o RUTF)</li> <li>d. Follow-up visit (Lingguhang pagbisita sa tahanan at surveillance)</li> </ol> </li> </ul></li>

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	<b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	2024-0017
	<b>Title</b>	OUTPATIENT THERAPEUTIC CARE BENEFITS PACKAGE FOR SEVERE ACUTE MALNUTRITION FOR CHILDREN 60 MONTHS OLD AND BELOW

	<p>e. Iba pang serbisyo kung kinakailangan kagaya ng mga sumusunod:</p> <p>e.1. Mga gamot at medikal na suplay</p> <p>e.2. Paglipat mula sa OTC papuntang ITC</p> <p>e.3. Pagtingin ng medikal na komplikasyon, kalusugan ng nanay, kalusugang pangkaisipan at pangkalahatan.</p>
4. Magagamit ba muli ang benepisyo matapos makumpleto ng pasyente ang gamutan?	Ang pasyenteng naitala at nakagamit ng benepisyo ng OTC SAM ay maaaring muling maitala at makagamit ng benepisyo kung kailangan pero dapat ay kwalipikado base sa itinakdang pamantayan sa polisiyang ito.
5. Saan maaaring makipag-ugnayan kung nais mag-enroll sa OTC benefits package sa SAM?	<p>Maaaring pumunta sa pinakamalapit na accredited health facility sa kanilang lugar para mag-enroll sa OTC benefits package sa SAM.</p> <p>Ang mga health workers sa mga nasabing pasilidad ay tutulong ukol sa proseso ng enrolment at gagabay sa pasyente, magbibigay ng tamang impormasyon, at makikipag-usap sa PhilHealth para sa mga kailangang dokumento para sa claims.</p>
6. May babayaran ba ang pasyenteng gagamit ng OTC benefits package para sa SAM?	Wala. Sagot ng PhilHealth ang buong gamutan.
7. Sino ang dapat mag-file ng claims sa PhilHealth?	Ang accredited health facility, gamit ang eClaim system, ang magfa-file ng claims. Direktang ibabayad ng PhilHealth ang benepisyo sa accredited health facility.

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	<b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	2024-0017
	<b>Title</b>	OUTPATIENT THERAPEUTIC CARE BENEFITS PACKAGE FOR SEVERE ACUTE MALNUTRITION FOR CHILDREN 60 MONTHS OLD AND BELOW

<p>8. Kailan maaaring ideklara ng isang accredited health facility na lost to follow-up ang isang pasyente?</p>	<p>Maaaring ideklarang lost to follow-up ang isang pasyente pagkatapos ng ikatlong pagbisita at hindi natunton ang pasyente sa kaniyang idineklarang address o kung lumipat ng tirahan.</p> <p>Responsibilidad ng bawat accredited health facility na alamin ang kalagayan at sitwasyon ng kanilang mga pasyenteng naka-enrol sa OTC benefits package para sa SAM.</p> <p>Ang accredited health facility ay dapat mag-submit sa PhilHealth ng notarized sworn declaration para ideklarang lost to follow-up ang pasyente at i-submit ang claims ng nasabing pasyente sa loob ng animnapung (60) araw mula sa araw ng deklarasyon.</p> <p>Kung sakaling namatay ang pasyente, maaaring mag-submit ng kopya ng death certificate o notarized sworn declaration ang accredited health facility na pinagkaloob ng alinmang awtorisadong sangay ng gobyerno kasama ng claim documents. Dapat ma-submit ng pasilidad ang kumpletong dokumento sa loob ng animnapung (60) araw mula sa pagkakuha ng kopya ng death certificate o notarized sworn declaration.</p> <p>Kailangang itala ng pasilidad sa kategorya ng HAMA/DAMA ang mga pasyenteng idineklarang lost to follow-up para maproseso sa ang kanilang claims gamit ang eClaims.</p> <p>Ang mga pasyenteng naideklarang lost to follow-up ay maaari muling maitala at makagamit ng benepisyo para sa OTC SAM pero dapat ay dumaan uli sa qualification process.</p>
<p>9. Paano maging isang PhilHealth Accredited Health Facility para sa OTC benefits package ng SAM?</p>	<p>Alinsunod sa PIMAM, dapat may mga trained na doctor, nurse o midwife, barangay health worker o barangay nutrition scholar o child development worker ang isang pasilidad.</p> <p>Maaaring makipag-ugnayan ang pasilidad o pagamutan sa PhilHealth Regional Offices na nakakasakop sa kanilang</p>

	<b>TAMANG SAGOT (TS)</b>	
	<b>Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular</b>	
	<b>Circular No.</b>	2024-0017
<b>Title</b>	OUTPATIENT THERAPEUTIC CARE BENEFITS PACKAGE FOR SEVERE ACUTE MALNUTRITION FOR CHILDREN 60 MONTHS OLD AND BELOW	

	<p>pasilidad para sa mga kinakailangang dokumento at karagdagang impormasyon.</p> <p>Para sa iba pang detalye, maaring basahin ang Circular sa <a href="https://www.philhealth.gov.ph/circulars/2024/PC2024-0017.pdf">https://www.philhealth.gov.ph/circulars/2024/PC2024-0017.pdf</a></p>
--	--